# “MAG-AARAL SAAN KA PATUNGO?”

*by:*
**Mary Grace Bamba**
*Limay Elementary School*

Ano nga ba ang naging hamon sa ating mag-aaral makalipas ang dalawang taon ng pandemya? Naging madali o mahirap ba ang paraan ng kanilang pagkatuto? Ilan lang ito sa mga katanungan na nais nating bigyang ng kasagutan.

Sa panahon ng pandemya, hindi naging madali sa ating mga mag-aaral na matutunan ang mga aralin gamit lamang ang modyul sa kanilang pag-aaral, ngunit hindi ito naging hadlang upang sila ay sumuko. May panahon na napapagod, nahihirapan ngunit patuloy na lumalaban dahil na rin sa tulong ng kanilang mga mahal sa buhay tulad ng mga magulang na naging kaagapay nila sa kanilang pagkatuto, lalo na ang mga mag-aaral na nasa primarya.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang kanilang mga guro ay naglaan din ng panahon upang sila ay magabayan, sa pamamagitan ng paggawa ng iba’t ibang babasahin at mga kagamitan sa pagkatuto na maari nilang gamitin upang maunawaan ang mga aralin kahit na sila ay nasa kanilang tahanan. Ginagamit ang oras upang matugunan ang tawag at mensahe na magmumula sa mag-aaral o magulang.

Nagkaroon din ng iba’t ibang paraan upang maturuan ang mga mag-aaral, nagkaroon ng Online Delivery Mode, Modular Learning, Blended Learning at sa ngayon ay mayroon ng Face to Face Class na ikinatuwa ng ilang sa ating mga mag-aaral at mga magulang.

Sa nararanasan nating sitwasyon ngayon sa ating edukasyon, saan nga ba patungo ang ating mga mag-aaral? Tama ba ang landas na kanilang tinatahak?

Bilang magulang at guro, masasabi ko na nasa mabuti at tama ang tinatahak na landas ng ating mga mag-aaral. Nakikita ko ang kanilang pagtitiyaga na mapag-aralan ang mga aralin, gumagawa ng paraan upang makamit ang kanilang pangarap sa kabila ng hamon ng pandemya.

Punong-puno man ng hirap, pagsubok, at pakikipagsapalaran ang kasalukuyang panahon na nararanasan ng mga mag-aaral hindi pa rin ito naging hadlang upang sila ay magpagupo at mawalan ng pag-asang maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Ang kanilang pangarap ang kanilang tangan-tangan upang magpatuloy sa kanilang paglalakbay.

*References:*

Dapadap, K., & Gayapa, J. (2022). Edukasyon sa Panahon ng Pandemya: Mga Hamon at Hinaharapd... Retrieved 18 May 2022, from https://manilatoday.net/edukasyon-sa-panahon-ng-pandemya-mga-hamon-at-hinaharap/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan